California Department of Developmental Services
Frequently Asked Questions (FAQs)
Last Updated: March 2024

MGA MADALAS ITANONG TUNGKOL SA ELECTRONIC VISIT VERIFICATION (EVV)

Terminolohiya ng EVV

Termino	Depinisyon
EVV	Pagpapatunay ng Elektronikong Pagbisita
CalEVV na Sistema	Ang sistema ng pagkolekta ng data ng EVV na ibinigay ng estado ay magagamit sa mga ahensya ng provider
CalEVV Aggregator	Ang sistema na nangongolekta at nag-iimbak ng lahat ng data ng EVV na ipinadala ng mga provider sa pamamagitan ng CalEVV at mga Kahaliling EVV na Sistema
Kahaliling EVV na Sistema	Mga kumpanyang nangongolekta at nagpapadala ng data ng EVV sa ngalan ng mga ahensya ng provider
Ahensya ng Provider	Ang employer ng kawani na nagbibigay ng direktang serbisyo
Jurisdictional Entity (JE)	Ang lokal na entidad na may direktang kaugnayan sa estado; para sa DDS, iyon ay ang mga sentrong pangrehiyon
PCS	Personal Care Services
HHCS	Mga Serbisyo ng Pangangalagang Pangkalusugan sa Tahanan

Pangkalahatang Impormasyon

Tanong1. Ano ang electronic visit verification (EVV, pagpapatunay ng elektronikong pagbisita)?

Sagot1. Ang EVV ay bahagi ng 21st Century Cures Act na pinagtibay noong 2016. Inilagay ng pederal na pamahalaan ang EVV upang makatulong na matiyak na natatanggap ng mga tao ang mga serbisyo sa kanilang tahanan na kailangan nila at may karapatan sila.

Tanong2. Ano ang iniaatas ng 21st Century Cures Act?

Sagot2. Ang Seksyon 12006(a) ng 21st Century Cures Act (ang Cures Act), ay nag-uutos na ipatupad ng estado ang EVV para sa lahat ng serbisyo ng personal na pangangalaga ng Medicaid o Medicaid personal care services (PCS) at mga serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan sa tahanan (HHCS) na nangangailangan ng pagbisita ng provider sa tahanan. Nalalapat ito sa PCS at HHCS na ibinibigay sa ilalim ng mga seksyon 1905(a)(24), 1915(c), 1915(i), 1915(j), 1915(k), at Seksyon 1115; at HHCS na ibinibigay sa ilalim ng 1905(a)(7) ng Social Security Act o isang waiver, ayon sa Medicaid.gov.

Tanong3. Anong impormasyon ang mayroon ang sistema ng EVV na kailangang maberipika?

Sagot3. Nakasaad sa SSA seksyon 1903(l)(5)(A) na ang sistema ay dapat beripikahin sa elektronikong paraan, kaugnay ng mga pagbisitang isinagawa bilang bahagi ng PCS o HHCS sa tahanan ng isang indibidwal, ang mga data ay tumutukoy sa ibaba.

- ang uri ng serbisyong isinagawa;
- ang indibidwal na tumatanggap ng serbisyo;
- ang petsa ng serbisyo;
- ang lokasyon ng paghahatid ng serbisyo;
- ang indibidwal na nagbibigay ng serbisyo; at
- ang oras ng pagsisimula at pagtatapos ng serbisyo

Tanong4. Kailan inaatasan ng Pederal na Pamahalaan ang mga estado na ipatupad ang EVV?

Sagot4. Alinsunod sa Subseksyon (l) ng Seksyon 1903 ng Social Security Act (SSA) (42 USC 1396b), lahat ng estado ay dapat magpatupad ng EVV para sa PCS na pinopondohan ng Medicaid hanggang Enero 2020 at HHCS hanggang Enero 2023. Alinsunod sa mga pederal na probisyon, nagsumite ang Estado ng kahilingan sa Good Faith Effort Exemption (GFE) noong Oktubre 2, 2019 sa Centers for Medicare & Medicaid Services (CMS) upang palawigin ang petsa ng pagpapatupad ng EVV para sa PCS hanggang Enero 1, 2021. Noong Oktubre 22, 2019, inaprubahan ng CMS ang kahilingan sa GFE ng Estado para sa PCS, at ang liham ng pag-apruba ng GFE ng California mula sa CMS ay makikita sa Webpage ng EVV CMS GFE.

Ang pagpapatupad ng PCS ay noong Enero 1, 2022. Ang pagpapatupad ng serbisyo ng HHCS at Self-Determination Program ay noong Enero 1, 2023.

Tanong5. Sa aling mga serbisyo ng sentrong pangrehiyon at mga code ng serbisyo nalalapat ang EVV?

Sagot5. Nalalapat ang EVV sa PCS at HHCS na pinondohan ng Department of Developmental Services (DDS) at ibinibigay sa pamamagitan ng mga sentrong pangrehiyon.

Ang mga serbisyong PCS na iyon ay:

- Pahinga, 465, 862, 864 at 310
- Suportadong Paninirahan, 896
- Personal na Tulong, 062
- Mga Serbisyo ng Gawain sa Bahay, 858, 860 at 313
- Mga Suporta sa Pamumuhay sa Komunidad, 320 Ang mga serbisyong HHCS na iyon ay:
- Nursing, 460, 742, 744 at 361
- At mga ahensyang nagbibigay ng:
    - Kalusugan sa Tahanan, 854, 856 at 359
    - Therapy sa Pagsasalita, 707
    - Pagsasalita, Pagdinig at Wika, 372
    - Occupational Therapy, 773 at 375
    - Pisikal na Therapy, 772 at 376

Ang patnubay tungkol sa mga serbisyo at mga code ng serbisyo ay matatagpuan sa EVV Guidance RC Service Codes (ca.gov).

Tanong6. Nalalapat ba ang EVV sa mga serbisyo ng maagang interbensyon na ibinibigay sa mga batang nasa edad na 0-3 sa programang Early Start?

Sagot6. Hindi. Ang mga serbisyong ibinibigay sa mga bata sa programang Early Start ay pinamamahalaan at pinondohan ng Part C ng Individuals with Disabilities Education Act (IDEA). Ang mga serbisyong ito ay hindi pinopondohan sa pamamagitan ng Medicaid Waiver.

Tanong7. Nalalapat ba ang EVV sa mga serbisyo sa Self-Determination Program (SDP)?

Sagot7. Oo. Ang anumang serbisyo ng sentrong pangrehiyon na nagbibigay ng PCS o HHCS ay napapailalim sa iniaatas sa EVV. Para sa buong listahan ng mga serbisyo at code ng serbisyo ng PCS at HHCS na sentrong pangrehiyon tingnan ang sagot sa itaas.

Tanong8. Mayroon bang iba pang mga eksemsyon para sa EVV?

Sagot8. Oo. Kung ang kawani na nagbibigay ng mga serbisyo ay nakatira kasama ng indibidwal na tumatanggap ng mga serbisyo, ang kawaning iyon ay hindi sasailalim sa kinakailangan ng EVV para sa mga serbisyo sa indibidwal na iyon. Para sa EVV, ang kawaning iyon ay itinuturing na isang "live-in staff".

Ang patnubay tungkol sa "live-in staff" at ang form ng pagpapatunay para sa eksemsyon sa pagiging live-in ay matatagpuan sa:

- Ingles
    - EVV Guidance Live-in Caregiver Exemption and Attestation
    - Form ng Pagpapatunay ng EVV Live-in Caregiver Provider

- Espanyol
    - EVV Guidance Live-in Caregiver Exemption and Attestation- Spanish.docx
    - EVV Live-in Caregiver Provider Attestation Form(es) .

Tanong9. Sino ang nagbibigay ng sistema ng EVV /solusyon ng estado?

Sagot9. Ang estado ay nakipagkontrata sa Sandata Technologies, LLC upang magbigay ng solusyon sa pangongolekta ng EVV na data ng estado; tinatawag na CalEVV. Nagbibigay rin ang Sandata Technologies, LLC ng CalEVV Aggregator kung saan ang EVV na data mula sa CalEVV at iba pang Kahaliling sistema ng EVV ay nagpapadala ng EVV na data.

Para sa teknikal na tulong sa alinman sa mga produktong kinontrata ng Sandata, mangyaring makipag-ugnayan sa kanila sa (855) 943-6070 o sa pamamagitan ng Email: CACustomerCare@sandata.com.

Nauugnay sa mga Indibidwal na Tumatanggap ng mga Serbisyo

Tanong1. Kung ang kawani na nagbibigay ng aking personal na pangangalaga o mga serbisyong pangkalusugan sa tahanan ay nakatira sa akin, kailangan ba nilang gumawa ng EVV?

Sagot1. Hindi. Kung nakatira sa iyo ang indibidwal na nagbibigay ng iyong mga serbisyo, hindi sila sasailalim sa kinakailangan ng EVV para sa iyong mga serbisyo. Para sa EVV, ang indibidwal na iyon ay itinuturing na isang "live-in staff".

Para sa higit pang impormasyon, mangyaring tingnan ang mga dokumento ng gabay tungkol sa eksemsyon sa live-in staff na naka-link sa itaas sa ilalim ng Pangkalahatang Impormasyon, tanong numero 8.

Tanong2. Paano kung nakatira ako sa isang rural na lugar at walang cell coverage o access sa internet?

Sagot2. Ang sistema ng EVV ng Estado, na tinatawag na CalEVV, ay nagpapahintulot sa mga kawani na gumamit ng alinman sa isang app sa kanilang cell phone o isang telepono upang tumawag sa impormasyon sa pagbisita. Kung ang iyong provider ay hindi gumagamit ng CalEVV, makipag-usap sa kanila tungkol sa kung paano nila kinokolekta ang iyong data ng pagbisita sa EVV kapag walang saklaw ng cell o access sa internet.

Tanong3. Maaari bang ipatupad ang EVV sa mga paraan na nakakabawas sa mga alalahanin sa pagkapribado, partikular sa pangangailangang kumuha ng impormasyon ng lokasyon sa pamamagitan ng sistema ng EVV?

Sagot3. Ang mga serbisyong ibinigay sa iyong tahanan, kabilang ang mga nagsisimula o humihinto sa iyong tahanan, ay napapailalim sa mga kinakailangan sa EVV. Ang elektronikong pagkuha ng lokasyon kung saan nagsimula at huminto ang serbisyo ay sapat na para matugunan ang mga minimum na kinakailangan na tinukoy sa Cures Act.

Tanong4. Mababago ba ng iniaatas sa EVV ang aking mga serbisyo?

Sagot4. Hindi. Hindi binabago ng iniaatas sa EVV kung paano ibinibigay ang iyong mga serbisyo, kung saan ka tumatanggap ng mga serbisyo, o kung sino ang nagbibigay ng mga ito sa iyo.

Nauugnay sa Provider

Tanong1. Kailan maaaring asahan ng mga Provider na makatanggap ng impormasyon at pagsasanay tungkol sa kinakailangang paggamit ng bagong sistema ng EVV?

Sagot1. Ang DDS ay madalas na nagdaraos ng mga webinar at mga oras ng opisina kung saan ibinibigay ang kasalukuyan at nalalapit na mga aktibidad. Ang mga nakaraang materyal sa webinar at anumang paparating na mgalink sa pagpaparehistro ng Oras ng Opisina ay matatagpuan sa link na ito sa ilalim ng "Meetings" na tab sa EVV na webpage.

Para sa mga ahensya ng provider na naghahanap ng pagsasanay sa CalEVV, mangyaring tingnan ang link na ito: CalEVV na mga Bidyu sa Pagsasanay at para sa mga provider ng CalEVV Aggregator mangyaring suriin ang tab ng Kahaliling EVV na mga Vendor sa EVV na Webpage para sa karagdagang mga mapagkukunan.

Bukod pa rito, ang sinumang nagnanais ng abiso sa email kapag may mga pagbabago ang DDS tungkol sa EVV, ay maaaring humiling na mailagay sa listahan ng notification sa pamamagitan ng pag-email sa EVV@dds.ca.gov.

Tanong2. Bakit nagpapatupad ang mga serbisyong sumusuporta sa tahanan o in-home supportive services (IHSS) ng sistema ng EVV sa iba't ibang panahon kaysa sa mga sentrong pangrehiyon?

Sagot2. Ginagamit ng IHSS ang kanilang electronic timesheet system para sa EVV at samakatuwid ay nasa ibang timetable kaysa sa mga sentrong pangrehiyon at iba pang mga programa ng estado. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa proseso ng pagpapatupad ng EVV para sa IHSS, mangyaring pumunta sa Webpage ng CDSS sa EVV.

Tanong3. Magbibigay ba ang Estado ng sistema ng EVV para magagamit ng mga provider o kailangan bang itatag ng mga provider ang kanilang sariling sistema ng EVV?

Sagot3. Maaaring gamitin ng mga provider ang ibinigay na sistema ng EVV ng estado, na tinatawag na CalEVV o isa pang sistema ng EVV na kanilang pinili upang mangolekta ng data ng pagbisita sa EVV.

Kung pipiliin ng mga provider ang sarili nilang sistema ng EVV, dapat sumunod ang sistema sa mga kinakailangan na nakasaad sa "Pangkalahatang Impormasyon", tanong bilang 3 sa itaas, at maipadala ang data na iyon sa CalEVV Aggregator.

Ang mga detalye ng sistema na kailangan para magpadala ng data sa CalEVV Aggregator sa pamamagitan ng Kahaliling sistema ng EVV ay makikita sa ilalim ng tab na “Mga Alternate EVV Vendor” sa EVV webpage.

Tanong4. Anong mga hakbang ang gagawin upang matiyak ang pagkapribado at pagiging kumpidensyal ng data?

Sagot4. Ang Estado ay may mga itinakdang pananggalang upang matiyak na ang pribadong impormasyon ng indibidwal ay mananatiling kumpidensyal at protektado. Nananatiling buo ang lahat ng iniaatas ng pederal na pamahalaan at estado pagdating sa pagkapribado gaya ng HIPAA. Pinapatunayan lamang ng EVV ang anim na elemento ng data na kinakailangan ng batas.

Tanong5. Kailangan bang gumamit ng global positioning system (GPS) ang mga sistema ng pangongolekta ng EVV na data?

Sagot5. Hindi. Iniaatas sa 21st Century Cures Act na ang lokasyon ay kokolektahin para sa bawat pagbisita para sa EVV, at ang EVV solution ng estado, na tinatawag na CalEVV, ay nangongolekta ng coordinates ng GPS sa simula ng pagbisita at pagtatapos ng pagbisita kapag ginagamit ang mobile na aplikasyon. Ang aplikasyon ay hindi nangongolekta ng data ng GPS sa labas ng oras ng pagsisimula at paghinto ng pagbisita. Hindi sinusubaybayan ng aplikasyon ang mga tao sa buong pagbisita. Ang coordinates ng GPS ay naka-imbak sa CalEVV na sistema bilang bahagi ng impormasyon sa pagbisita at impormasyon lamang.

Ang GPS ay isang paraan upang makuha sa elektronikong paraan ang lokasyon ng paghahatid ng serbisyo sa pag-check-in at pag-check-out. Maaaring kolektahin ng ibang sistema ng pangongolekta ng EVV na data ang kinakailangan sa lokasyon ng EVV gamit ang ibang paraan.

Tanong6. Ang EVV ba ay nagdudulot sa mga indibidwal na manatili sa bahay?

Sagot6. Ang pamamaraan ng California sa EVV ay hindi magbabago kung paano ibinibigay ang mga serbisyo o kung saan inihahatid ang mga serbisyo. Alinsunod sa Pampublikong Batas 114-115 Sec 12006 (c)(3), hindi dapat limitahan ng EVV ang serbisyong ibinibigay, hadlangan ang pagpili ng isang indibidwal ng tagapag-alaga, o hadlangan ang paraan ng paghahatid ng pangangalaga.

Tanong7. Nagbibigay kami ng mga serbisyo ng SLS sa isang 24/7 group residential setting na may maraming kawani na nagtatrabaho sa maraming indibidwal ngunit hindi kinakailangan ayon sa nakatakdang oras. Paano nalalapat ang EVV sa ganitong uri ng sitwasyon?

Sagot7. Hanggang sa mabuo ng DDS ang mga regulasyon tungkol sa mga ganitong uri ng mga sitwasyon sa mga setting ng tirahan, mangyaring sumangguni sa gabay ng CMS sa pamamagitan ng mga FAQ na naka-link dito: https://www.medicaid.gov/federal-policy-guidance/downloads/faq051618.pdf.

Tanong8. Paano kung ang mga serbisyong ibinigay sa ilalim ng mga itinalagang code ng serbisyo ng EVV ay hindi ibinigay sa tahanan ng indibidwal?

Sagot8. Kinakailangan ang pagkuha ng pagbisita sa EVV para sa mga serbisyong nagaganap sa tahanan ng indibidwal kabilang ang mga nagsisimula at/o humihinto sa tahanan ng indibidwal.

Tanong9. Ang CalEVV ba ay pinapalitan, o nakikipag-ugnayan sa, eBilling, o pagsasamahin ba ang mga gawaing iyon?

Sagot9. Hindi, hindi pinapalitan o nakikipag-ugnayan ang CalEVV sa eBilling. Ang eBilling na sistema para sa pagbabayad at ang sistema ng EVV para sa pagpapatunay ng pagbisita ay magkahiwalay na entidad na naghahatid ng magkahiwalay na layunin. Bilang provider, pipiliin mong gamitin ang tool sa pangongolekta ng data ng estado o isa pang tool na nakakatugon sa mga kinakailangan sa pagkolekta ng EVV. Bukod pa rito, sisingilin mo sa pamamagitan ng eBilling para sa mga serbisyong ibinigay.

Tanong10. Kinakailangan ba ang EVV para sa mga pagbisitang telehealth?

Sagot10. Hindi kinakailangan ang EVV para sa mga serbisyong telehealth.

Tanong11. Ano ang mangyayari kung mag-isa akong nagparehistro, ngunit sinabihan ako ngayon na hindi ko kailangang sumunod sa EVV?

Sagot11. Mag-email sa Sandata sa CACustomerCare@sandata.com, o tumawag sa Sandata sa (855) 943- 6070, at hilingin na ma-inactivate ang iyong account. Ibigay ang pangalan ng iyong ahensya at ang numero ng ID ng iyong CalEVV na natanggap pagkatapos makumpleto ang sariling pagpaparehistro (ang numero ng ID ng iyong CalEVV ay isang 6 na digit na numero na nagsisimula sa 10####).

Tanong12. Maaari bang baguhin ang mga entry ng EVV na data kung sakaling magkaroon ng emerhensya o pagkakamali?

Sagot12. Kung kinakailangan, maaaring baguhin ang mga entry sa EVV. Gayunpaman, ang layunin ay makakuha ng 6 na data point sa elektronikong paraan, hindi sa manu-mano.

Tanong13. Ginagamit namin ang EVV at nagsusumite ng data kung kinakailangan. Bakit ako nakakatanggap ng sulat mula sa isang Sentrong Pangrehiyon na nagsasabi na hindi kami nakarehistro?

Sagot13. Malamang na nakumpleto mo ang sariling pagpaparehistro na naglilista lamang ng isang sentrong pangrehiyon o naglilista ng numero ng Tax ID kaysa sa iyong numero ng vendor, o vendor ID. Kinakailangan at responsable ang mga provider na tiyaking nasa kanilang account ang lahat ng vendor ID at lahat ng sentrong pangrehiyon. Upang baguhin ang iyong account, mangyaring sumangguni sa gabay na ito: Maikling Gabay sa Sanggunian upang Mapamahalaan ang mga Tagatukoy ng Provider.

Tanong14. Ang aking Kahaliling EVV na vendor ay humihingi ng mga HCPCS code. Saan ko mahahanap ang mga code?

Sagot14. Ang mga HCPCS code ay matatagpuan simula sa pahina 22 sa dokumento ng Detalye ng Kahaliling Vendor na naka-link dito: California (CalEVV) EVV Vendor Solutions Specifications v2.7 – Sandata Technologies (zendesk.com).

Programa sa Pagpapasya sa Sarili - Pangkalahatan

Tanong1. Paano gumagana ang pagpapatupad ng Electronic Visit Verification (EVV) sa Self-Determination program (SDP)?

Sagot1. Hindi babaguhin ng EVV ang kung paano inihahatid ang mga serbisyo ng SDP. Ang tagapagkaloob ng Financial Management Service (FMS) ay dapat makipagtulungan sa mga kalahok at provider ng SDP upang matukoy kung mayroong anumang hakbang na dapat gawin. Upang matutunan pa ang tungkol sa EVV sa SDP mangyaring suriin ang newsletter na ito na naka-link dito: Newsletter ng Electronic Visit Verification (EVV) Hulyo 2021.

Tanong2. Ako ay nasa Sole Employer model, at pinili kong maging ganap na responsable para sa EVV. Anong mga hakbang ang susunod kong gagawin?

Sagot2. Kung magpasya kang huwag gamitin ang sistema na ibinibigay ng iyong FMS para sa EVV at pipiliin mong maging responsable para sa EVV, mayroon kang ilang mga desisyon na dapat gawin.

- Maaari mong piliing gamitin ang libreng sistema ng estado na tinatawag na CalEVV upang mangolekta, subaybayan at mapanatili ang data ng pagbisita sa EVV, o
- Maaari mong piliing kumuha ng sarili mong ikatlong-partido na sistema na kilala rin bilang Kahaliling sistema ng EVV para mangolekta at mapanatili ang data ng pagbisita sa EVV.
    - Ang Kahaliling sistema ng EVV na iyong pipiliin ay kakailanganing dumaan sa sertipikasyon at pag-apruba sa kontratista ng estado upang patunayan kung ito ay tugma para sa pagsunod sa EVV.

Kung pipiliin mong maging ganap na responsable para sa EVV, mangyaring magkaroon ng kamalayan na kakailanganin pa rin ng iyong mga tauhan na gamitin ang sistema ng FMS para mag-log at in at out para mabayaran sila.

Mangyaring makipag-ugnayan sa EVV inbox ng Departamento para sa higit pang impormasyon kung paano magsimula o bisitahin ang aming EVV website sa ilalim ng tab na “Pagpapasya sa Sarili” upang simulan ang proseso bilang isang 'provider'.

Self-Determination Program - Nauugnay sa Provider

Tanong1. Paano ko malalaman kung sino ang employer na nasa rekord at bakit ito mahalaga para sa EVV?

Sagot1. Ang employer na nasa rekord ay ang ahensya o taong responsable para sa direktang kawani na nagbibigay ng serbisyo sa kalahok ng SDP. Mahalagang malaman kung sino ang employer na nasa rekord dahil kakailanganin nilang subaybayan at panatilihin ang pagsunod sa EVV sa SDP. Sa ilang mga kaso, ang direktang kawani na nagbibigay ng serbisyo ay maaari ring maging sarili nilang employer na nasa rekord. Nasa ibaba ang paliwanag ng employer na nasa rekord para sa bawat model ng FMS.

- Mga serbisyo sa nagbabayad ng bill, kung saan ang isang vendor, isang ahensya o isang kumpanya ang employer na nasa rekord, ang vendor, ahensya, o kumpanya ay responsable para sa pagsunod sa EVV.
- Sole Employer Services, kung saan ang kalahok ng SDP o ang kanilang legal na kinatawan ay ang employer na nasa rekord, maaaring piliin ng kalahok ng SDP na gamitin ang sistema ng EVV na ibinigay ng kanilang napiling FMS, o maaari nilang piliin na maging ganap na responsable para sa EVV.
- Co-Employer Services, kung saan ang provider ng FMS ay ang employer na nasa rekord para sa direktang kawani, ang FMS ay responsable para sa pagsunod sa EVV.

Mangyaring Tandaan: Ang rekord ng pagbisita sa EVV ay dapat naka-ugnay sa numero ng vendor ng FMS kung saan ini-invoice ang serbisyong iyon sa sentrong pangrehiyon.

Mangyaring tingnan ang direktiba na ibinigay noong Agosto 3, 2023 para sa higit pang impormasyon tungkol sa employer na nasa rekord at pagsunod sa provider na naka-link dito: Electronic Visit Verification - Pagsunod ng Provider sa Self-Determination Program.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa kung paano dumadaloy ang EVV na data at ang employer na nasa rekord sa SDP, mangyaring suriin ang recording sa ibaba: Pagrerekord ng Daloy ng Data ng EVV.

Tanong2. Ano ang unang hakbang na kailangan kong gawin para sa EVV sa SDP?

Sagot2. Mangyaring makipag-ugnayan sa iyong FMS. gagabayan ka nila sa mga hakbang na gagawin para sa pagsunod sa EVV.

- Sama-sama ninyong tutukuyin ang mga code ng serbisyo na naaangkop sa iyo o sa kalahok ng SDP, at napapailalim sa EVV, alinsunod sa direktiba na inilabas noong Hulyo 8, 2022.
- Pangalawa, suriin kung ang mga direktang kawani na nagbibigay ng serbisyo ay kwalipikado para sa eksemsyon sa Live-in Caregiver, direktiba na inilabas noong Enero 28, 2022.
- Pangatlo, magpasya kung sino ang may pananagutan na subaybayan at panatilihin ang pagsunod sa EVV at kung paano kokolektahin ang EVV. Ang ilang

mga tagapagkaloob ng FMS ay mayroon nang nakalaang elektronikong sistema na maaaring mangolekta ng mga pagbisita sa EVV. Ikaw ay maaari o maaaring hindi na kailangang gumawa ng anumang karagdagang hakbang para sa EVV.

- Ang huling hakbang ay magparehistro **LAMANG** kung kailangan mong magparehistro. Mangyaring sundin ang iyong gabay sa FMS o makipag-ugnayan sa EVV email inbox ng Kagawaran para sa higit pang impormasyon at suporta sa EVV@dds.ca.gov.

Tanong3. Isa akong provider sa Bill Payer model, ano ang aking mga susunod na hakbang para sa pagsunod sa EVV?

Sagot3. Kung ikaw ang employer na nasa rekord sa ilalim ng Bill Payer Model, kumonekta sa FMS na ginagamit ng iyong kalahok sa SDP para bayaran ka. Ang FMS ay may kasunduan para sa iyo na pumirma at bumalik sa kanila na nagbibigay rin sa iyo ng impormasyon na kakailanganin mong irehistro. Tingnan ang website ng EVV sa ilalim ng tab na 'Provider' at sundin ang mga hakbang at gamitin ang mga tool doon upang iparehistro ang sarili at kumpletuhin ang pagsali bilang provider.

Gayunpaman, kung nakarehistro ka na para sa EVV para sa mga tradisyonal na serbisyo, kakailanganin mo lamang na idagdag ang FMS vendor ID sa iyong account. Mangyaring suriin ang maikling gabay na ito sa kung paano magdagdag ng mga vendor ID sa iyong account: Maikling Gabay sa Sanggunian upang Mapamahalaan ang mga Tagatukoy ng Provider.

Tanong4. Ang mga serbisyo sa ilalim ng code ng serbisyo 320 at 310, na nangangailangan ng EVV, ay hindi palaging ginagamit para sa personal na pangangalaga o mga serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan sa tahanan. Kailangan ko bang gawin ang EVV?

Sagot4. Oo. Sinuri ng DDS ang mga pederal na depinisyon ng personal na pangangalaga at mga serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan sa tahanan kumpara sa mga paglalarawan ng code ng serbisyo sa waiver ng SDP na gumabay sa DDS na tukuyin ang mga code ng serbisyo na napapailalim sa EVV.

Tanong5. Ako ay Independiyenteng Tagapangasiwa, ano ang aking tungkulin sa EVV?

Sagot5. Bilang isang Independiyenteng Tagapangasiwa, mangyaring makipagtulungan sa FMS upang matulungan ang kalahok ng SDP na maunawaan ang proseso ng EVV.